



Edad 2.5+ taon
Pinong galaw



Pagsasalin

Mga Materyales

Dalawang maliit na pitsel (magkapareho ng laki) sa isang bandeha, ang bibig ng mga pitsel ay magkaharap. Ang pitsel sa kanan ay kalahating puno ng buhangin o mga butil ng bigas (maaaring gumamit ng iba pang uri ng maliit na buto ng gulay tulad ng monggo).

Hakbangin

Anyayahan ang bata na tumungo sa istante kung saan nakatabi ang bandeha. Ipakita kung paano hawakan ang bandeha at hayaan ang bata na dalhin ito sa isang mesa. Maupo sa kanang bahagi at hilingin sa bata na ilagay ang kanyang mga kamay sa kanyang kandungan habang nanunuod sa iyong gagawin.

Ilagay ang mga daliri ng iyong kanang kamay sa ilalim ng hawakan ng pitsel (na nasa kanang bahagi). Ilagay ang iyong hinlalaki sa ibabaw. Dahan-dahang iangat ang pitsel, ilagay ang hintuturo at gitnang daliri ng iyong kaliwang kamay sa ilalim malapit sa bibig ng pitsel na iyong hawak.

Kapag ang pitsel ay malapit na sa kaliwang pitsel (siguraduhin na mas mataas ang kanang pitsel kaysa sa kaliwang pitsel), dahan-dahang ikiling ang pitsel. Marahan na babagsak ang mga butil ng bigas patungo sa kaliwang pitsel. Kapag ang kanang pitsel ay wala nang laman, ibaba ito sa bandeha. Suriin ang bandeha kung may nahulog na butil ng bigas. Isa-isang pulutin ang mga nahulog na bigas at ilagay sa kaliwang pitsel.

Marahan na ipihit ang bandeha (180 degrees) upang ang punong pitsel ay mapunta sa kanan. Anyayahan ang bata na gawin ang aktibidad.

Mga pagsasanay o iba pang maaaring gawin:

1. Unang ipakita sa bata ang pagsasandok ng mas malaking uri ng mga buto ng gulay. Kapag ang aktibidad na ito may naging madali na para sa bata, gumamit ng mas maliit na uri ng buto tulad ng butil ng bigas.
2. Kapag ang pagsasalin at pagsasandok ay parehong naging madali na gawain para sa bata, maaaring gumawa ng panibagong gawain na magkasama ang dalawang ito.
3. Maaaring gumamit ng iba't ibang uri ng pitsel o lagayan na gamit sa inyong lugar (tulad ng *Turkish coffee pots* na may pahabang hawakan). Siguraduhin na ang posisyon ng mga pitsel ay angkop sa konsepto na matapos ipihit ang bandeha ay mahahawakan ito gamit ang kanang kamay.

Direktang Layunin

- Upang mahusay na magsalin

Iba pang Layunin

- Coordination and muscular control of movement.

Kontrol sa Pagkakamali

- Makikita o maririnig na may mga butil o buto na natapon sa bandeha o mesa

Punto ng Kamalayan

- Makikita na ang punong pitsel ay wala nang laman

Edad

- Mula dalawa't kalahating taong gulang pataas. Maaaring hindi na gaanong interesado ang isang batang edad apat na taong gulang. Maiging gamitin ang obserbasyon upang iyong makita ang koneksyon ng aktibidad na ito sa indibidwal na pangangailangan at interes ng isang bata.